ULAT NG PAGBABAGO NG SAMBAHAYAN SA CALFRESH (CF 377.5 CR)

MGA TAGUBILIN:

Dapat ninyong iulat ang mga sapilitang pagbabago (Mga Katanungan 1 - 6) sa loob ng 10 araw pagkatapos ninyong malaman ang pagbabago.
*Maaari kayong mag-ulat ng mga pagbabago sa pormang ito, nang personal, **o** sa pamamagitan ng pagtawag sa numerong nasa ibaba.*
Kung gagamitin ninyo ang pormang ito, kumpletuhin lamang ang mga bahaging angkop sa (mga) pagbabagong iniuulat ninyo.
Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa kung anong mga pagbabago ang dapat ninyong iulat, magtanong sa inyong manggagawa.

-
-

Manggagawa: Telepono:

1 MGA PAGBABAGO SA KITA

A. Nagbago ba ang pinagkukunan ng di-pinagtrabahuhang kita ng inyong sambahayan o tumaas o bumaba ng higit sa $50.00, tulad ng: tumanggap ba kayo ng $250.00 nitong nakaraang buwan at tumanggap ng $301.00 ng buwang ito? Kung **Oo**, kumpletuhin ang 1 (**C**) sa ibaba.

B. Nagbago ba ang pinagkukunan ng pinagtrabahuhang kita para sa sinumang miyembro ng sambahayan o tumaas o bumaba ng higit sa $100.00? Kung **Oo**, kumpletuhin ang 1 (**C**) sa ibaba.

C. Kung **Oo** sa 1 (**A**) o 1 (**B**) na nasa itaas, ipasok ang lahat ng kita ng inyong sambahayan. Ilakip ang mga stub ng suweldo o ibang katunayan ng mga kinita. Para sa lahat ng ibang kita ilakip ang katunayan kapag ang pagbabago ay iniulat. Kung may nag-eempleyo sa sarili, ilista ang mga gastos sa negosyo sa isang nakahiwalay na papel at ilakip ang katunayan ng kita at mga gastos.

Pangalan	Pinagkukunan (Kung mga Kinita, Ilista ang Pangalan ng Tagapag-empleyo)	Halaga (Bago ang mga Kabawasan)	Gaano Kadalas na Natanggap?	Petsa ng Pagbabago

2 MGA PAGBABAGO SA BUMUBUO SA SAMBAHAYAN

	Pagbabago	00	Petsa ng Pagbabago	Kung **OO**, ibigay ang pangalan ng tao, relasyon at ipaliwanag ang pagbabago.
A.	Mayroon bang lumipat patungo sa inyong bahay, kabilang ang isang bagong silang?			
B.	Mayroon bang umalis sa inyong bahay o namatay?			
C.	Mayroon ka bang kasama nang lumipat?			
D.	Mayroon bang nag-asawa?			
E.	Mayroon bang nagkaroon ng kapansanan o gumaling mula sa isang kapansanan?			
F.	Mayroon bang tumanggap ng bagong Social Security Number?* Kung **OO**, maglakip ng katunayan.			

3 MGA PAGBABAGO SA PINAGKUKUNAN

Ang kabuuan ba ng nakahandang pera, pera sa kuwenta ng tseke at/o pag-iimpok, mga sapi, atbp., ay umabot o humigit ng $2000 o $3250 para sa isang sambahayan na may miyembrong may kapanansan o may edad na 60 o mas matanda? Kung **OO**, kumpletuhin ang seksiyon sa ibaba:

Ilista ang Bawat Aytem	Halaga	Petsa ng Pagbabago
	$	
	$	
	$	

4 SAPILITANG IMPORMASYON SA ABAWD

☐ Gusto kong iulat ang mga pagbabago sa mga oras ng May Kakayahan ang Katawan na Nasa Hustong Gulang na Walang Nakadepende (Able-Bodied Adult without Dependents, ABAWD) para sa aking sambahayan.

Ang bilang ng mga oras na nagtrabaho o ginamit sa pagsasanay ay bumaba mula sa 20 oras sa isang linggo o 80 oras sa isang buwan patungo sa _____ oras sa isang linggo o _____ oras sa isang buwan.

Sa (mga) linggo ng _____ _____ _____ _____ _____ _____ _____

Sa (mga) buwan ng_____ _____ _____

Pangalan ng (mga) Tao_____ Relasyon sa Inyo_____

Ipaliwanag ang Nangyari_____

_____

_____

* Ang pagkakaloob ng Social Security Number (SSN) ay iniaatas ng 7 U.S. Code Seksiyon 2025E ng 7 U.S. Code. Sinumang tumangging magbigay ng SSN ay magiging diskuwalipikadong tumanggap ng mga benepisyo ng CalFresh. Ang mga SSN ay gagamitin upang tiyakin kung tunay ang pagkakakilanlan, upang pigilan ang duplikadong paglahok at upang beripikahin ang pagiging karapat-dapat at mga benepisyo. Ang mga SSN ay gagamitin sa isang pagpapares sa computer upang malaman ang kita at mga kakayahan sa mga rekord mula sa buwis, welfare, pagtatrabaho, sa Social Security Administration, at ibang mga ahensiya. Ang mga pagkakaiba ay maaaring malaman sa mga tagapag-empleyo, mga bangko o iba pa. Ang madayang paglahok sa Programang CalFresh ay maaaring magresulta sa aksiyong pangkrimen o sibil o mga paghahabol na pampangasiwaan.

5 MGA PAGBABAGO SA DIREKSIYON AT HALAGA NG TIRAHAN

A. Kayo ba ay may bagong direksiyong pangkoreo o numero ng telepono o plano ba ninyong lumipat? Kung **OO**, kumpletuhin ang 5 C, 5 D at 5 E.

B. Lumipat ba kayo? Kung **OO**, kumpletuhin ang 5 C, 5 D at 5 E.

C. Mayroon bang ibang nakatira sa tirahang ito? Kung **OO**, ibigay ang (mga) pangalan at relasyon: _____

D. Ipasok ang inyong bagong tirahan at/o numero ng telepono sa ibaba at ipasok ang petsa ng pagbabago rito: _____

Direksiyon ng Tirahan (Numero at Kalye)			Direksiyong Pangkoreo (Kung Iba)(Numero at Kalye)		
Lungsod	Zip code	Telepono sa Bahay	Lungsod	Zip code	Telepono ng Mensahe

E. Nagbago ba ang mga gastos ninyo sa bahay o utilidad nang lumipat kayo? Kung **OO**, kumpletuhin ang 1, 2 at 3 sa ibaba:

Kayo ay maaaring hingan ng katunayan ng inyong mga bagong gastos sa tirahan.

1. Ipasok ang halaga ng bawat gastos ninyo sa bahay.

2. Kung may mga gastos kayo sa utilidad, lagyan ng tsek ang kahon para sa bawat gastos mo sa utilidad.

Renta o Mortgage: $		Mga Buwis o Seguro sa Ari-arian: $ (Kung hindi sa mortgage)	
Utilidad		Utilidad	
Gas o Gatong	☐	Basura o Itatapon	☐
Kuryente	☐	Tubig	☐
Telepono	☐	Mga dumi sa imburnal	☐
Instalasyon ng Utilidad	☐	Iba (tukuyin)	☐

3. Mayroon bang hindi bahagi ng inyong sambahayang nasa CalFresh na nakakatulong sa inyo na bayaran ang alinman sa inyong mga gastos sa bahay o utilidad? Kung **OO**, kumpletuhin ang 3a, b at c.
   a. Ipasok ang kabuuang mga gastos na ibinabayad ng sambahayang nasa CalFresh: $_____
   b. Ipasok ang kabuuang mga gastos sa utilidad na ibinabayad ng sambahayang nasa CalFresh: $_____
   c. Ibigay ang pangalan ng bawat taong nagbabayad ng alinman sa mga gastos, at kung sila ay nagbabayad ng mga gastos sa bahay at/o utilidad:

6 SUPORTA SA ANAK NA BINABAYARAN NG SAMBAHAYAN

Mayroon bang miyembro ng sambahayang nasa CalFresh na nagbabayad ng inuubligang batas na suporta sa anak para sa mga batang hindi naninirahan sa bahay o sa sambahayan? Maglakip ng katunayan ng utos ng hukuman o utos na pampangasiwaan na nagpapakita ng iniaatas na pagbabayad ng suporta sa anak at ibigay ang halagang ibinayad. Kung may pagbabago sa halaga ng inuubliga ng batas na suporta, maglakip ng katunayan ng pagbabago.

SINO ANG NAGBAYAD NG SUPORTA SA ANAK	KANINO IBINAYAD	HALAGANG IBINAYAD	PETSA IBINAYAD

7 MGA PAGBABAGO SA GASTOS SA PANGANGALAGA SA NAKADEPENDE

Opsiyonal - Kung ang sinumang miyembro ng sambahayan na nagtatrabaho, o naghahanap ng trabaho, o pumapasok sa paaralan, ay nagkaroon ng pagtaas sa mga gastos sa pangangalaga sa nakadepende o pangangalaga sa bata mula noong huling iniulat, mangyaring kumpletuhin ang seksiyon sa ibaba.

Ano ang halagang ibinayad: **$**_____ **Sino ang nagbayad:**_____

Ilista ang anak/mga anak:_____

8 MGA GASTOS NA MEDIKAL (PARA SA ISANG MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN NA MAY KAPANSANAN O MAY EDAD NA 60 O MAS MATANDA)

Opsiyonal - Kung ang sinumang miyembro ng sambahayan na may kapansanan o may edad na 60 o higit ay nagkaroon ng bago o nadagdagang mga gastos na medikal, kumpletuhin ang seksiyon sa ibaba dahil ang ulat na ito ay maaaring magtaas ng inilalaan sa inyo. Kung ang mga gastos ay bago o nadagdagan ng higit sa $25, **maglakip ng katunayan.**

Sino ang Nagkaroon ng Gastos?	Uri ng Gastos	Halaga	Sino ang Nagkaroon ng Gastos/	Uri ng Gastos	Halaga
		$			$

9 MGA PANSAMANTALANG PAGBABAGO

Sa palagay ba ninyo ay pansamantala ang mga pagbabago sa mga katanungan 1 hanggang 6?
Kung **OO**, ipaliwanag.

SERTIPIKASYON

- **Naiintindihan ko na ang kabiguang mag-ulat ng impormasyon o sadyang pagbibigay ng maling impormasyon ay maaaring magresulta sa pag-uusig ng batas na may mga parusang multa, pagkabilanggo o pareho. Ang mga parusa ay maaaring magresulta sa diskuwalipikasyon mula sa CalFresh, multang hanggang $250,000 at pagkabilanggo na hanggang 20 taon. Ang mga parusang diskuwalipikasyon ay 12 buwan para sa unang paglabag, 24 na buwan para sa ikalawang paglabag, at permanenteng diskuwalipikasyon para sa ikatlong paglabag.**
- *Naiintindihan ko na ako ay may 10 araw lamang upang sabihin sa aking manggagawa ang tungkol sa mga pagbabago sa aking sambahayan (Mga Katanungan 1 - 6 lamang).*
- *Naiintindihan ko na ang mga bagay na iniulat ko ay ipapares at titiyakin kung totoo ng lokal, pang-estado at pederal na mga tauhan.*
- *Naiintindihan ko na ang sambahayan, sinumang nasa hustong gulang na miyembro (kahit na sila ay umalis na sa bahay), ang isponsor ng isang dayuhang miyembro ng sambahayan, o ang awtorisadong kinakatawan ng mga residente sa isang karapat-dapat na institusyon ay maaaring atasan na bayaran ang mga ekstrang benepisyo na hindi dapat natanggap ng sambahayan, kahit na ang County ang nagkamali.*
- *Naiintindihan ko na ako ay may karapatang humingi ng pagdinig ng estado sa anumang aksiyon ng County Welfare Department.*
- *Ipinahahayag ko na ang mga bagay na nakasaad sa ulat na ito ay totoo, tama at kumpleto.*

PIRMA (MIYEMBRO NG SAMBAHAYAN O AWTORISADONG KINATAWAN)	PETSA
PIRMA (TESTIGO, KUNG PUMIRMA SA PAMAMAGITAN NG X)	PETSA